Fact sheet 1–Hangarin, mga prinsipyo at kahulugan

Chapter 1 ng *Batas sa Kalusugang Pangkaisipan 2000 [Mental Health Act 2000] (*ang Batas*)* nagtatakda ng hangarin ng Batas at ang mga prinsipyo na gumagabay sa mismong application. Tinutukoy din ang mga pangunahing mga termino na ginamit sa Batas, kabilang ang 'karamdaman sa kaisipan'.

Ano ang hangarin ng Mental Health Act 2000?

Ang Batas ay nagbibigay ng hindi boluntaryong pag-aaral at paggamot, at ng proteksyon, ng mga taong may kapansanan sa pagiisip. Sa parehong panahon, ang Batas ay naglalayong maprotektahan at mabalanse ang mga karapatan at kalayaan ng mga taong may kapansanan sa pagiisip at nang iba pa.

Ang Batas ay nakatuon sa mga aspeto ng mga kapansanan sa pagiisip na hindi maaaring iugnay sa iba pang kilalang pagsasabatas. Hindi ito partikular na nagbibigay para sa boluntaryong paggamot ng kapansanan sa pagiisip. Ang boluntaryong paggamot para sa kapansanan sa pagiisip ay naihahambing sa parehong paraan ng paggamot ng anumang iba pang karamdaman, kabilang ang proteksyon na ibinbigay sa iba pang kilalang pagsasabatas.

Nagtatatag din Ang Batas ng mga espesyal na prosesong may kaugnayan sa mga taong may kapansanan sa pagiisip na kinasuhan ng krimen sa paglabag sa batas. Ang mga prosesong ito ay nagbibigay daan sa mahusay na pagsusuri sa tao, maging sa kanilang pagkapiit sa isang mental health service kung kinakailangan.

Bakit may mga prinsipyo?

Ang mga prinsipyo ay iniukol upang patotohanan ang anumang mga nagawang pagpapasya, o mga aksyon na naisakatuparan, sa ilalim ng Batas. Sinumang gumagamit ng kapangyarihan o katungkulan sa ilalim ng Batas ay dapat na kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo.

Ang mga prinsipyo ay nakaayon sa pambansa at pandaigdigang patakaran at mga protocol, kasama din ang ilan sa Queensland legislation (hal. *Batas sa Kapangyarihan ng Abogado 1998 [Powers of Attorney Act 1998]* at ang *Batas sa Pagiging Bantay at Pangangasiwa 2000 [Guardianship and Administration Act 2000])*.

Ano ang ilan sa mga pangunahing prinsipyo?

- Ang pangunahing karapatang pantao ng isang tao, kabilang ang pag-respeto sa kahalagahan at dignidad nito, ay dapat na kilalanin at bigyan ng halaga.
- Ang isang tao ay dapat na hinihikayat at sinusuportahan upang makibahagi sa mga pagpapasya na nakakaapekto sa kanilang buhay, lalo na ang mga pagpapasya na may kinalaman sa paglunas.
- Ang mga partikular na pangangailangan at sitwasyon ng tao ay dapat na isaalang-alang, kabilang ang mga pangangailangang pang-kultura, pagsamba at pagsasalita.
- Ang kahalagahan ng patuloy na pakikilahok ng tao sa buhay sa komunidad at pagpapanatili sa mga mapagdamay na mga kaugnayan ay dapat na mapahalagahan.

- Ang panggagamot ay maibibigay lamang kung ito ay naaangkop upang mailunsad at mapanatili ang kalusugang pangkaisipan at kapakanan ng isang tao.
- Ang karapatan ng isang tao sa confidentiality ay dapat kilalanin at isaalang-alang.
- Anumang paggamit ng kapangyarihan o katungkulan sa ilalim ng Batas ay dapat na maisagawa upang sa gayon ang kalayaan at mga karapatan ng tao ay maaapektuhan lamang kung walang mas magaang paglilimita para mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng isang tao o upang mapangalagaan ang iba.
- Anumang nakapipinsalang epekto sa kalayaan o mga karapatan ng isang tao ay dapat na maging pinakamababang kinakailangan sa mga kalagayan.

Paano tinukoy ang kapansanan sa pagiisip?

Ang kapansanan sa pagiisip ay tinukoy bilang ‘ *isang kalagayan na naisasalarawan ng pangklinikang pagpapahiwatig ng pagkaligalig ng pag-iisip, disposisyon, pananaw o ala-ala*. Ang pagpapasya na ang isang tao ay may kapansanan sa pagiisip ay dapat maisagawa ng naaayon sa tanggap na pangdaigdigang pamantayang pang-medikal.

Ang Batas ay nagbukod din ng 11 na mga pamantayang hindi mapagbabasihan para matukoy kung ang isang tao ay may kapansanan sa pagiisip. Ang mga ibinukod na mga pamantayang ito ay ang mga pag-uugali, kalagayan o pangyayari na hindi, sa kanilang sarili, ay maisasaalang-alang na bahagi ng kapansanan sa pagiisip.

Halimbawa, ang isang tao ay hindi dapat masabing may kapansanan sa pagiisip batay sa:

- nauna nang pagpapagamot para sa kapansanan sa pagiisip
- kakulangan ng kakayahan sa pag-iisip
- paggamit ng alcohol o gamot
- antisocial o gawaing iligal.

Gayunpaman, ang pagkakaroon ng isa o higit pa sa mga naibukod ay hindi hadlang sa pagdedisiyon na ang tao ay may kapansanan sa pagiisip. Halimbawa:

- ang isang tao ay maaaring may kapansanan sa pagiisip dahil sa droga o alkohol
- ang isang tao na may kakulangan ng kakayahan sa pag-iisip ay maaari ding may kapansanan sa pagiisip.

Kung ang isang tao ay itinuring may kapansanan sa pagiisip, maaaring bang magbigay ng hindi boluntaryong assessment o panlunas?

Ang isang tao ay hindi maaaring ma-assess o magamot para sa kapansanan sa pagiisip na wala ang kanilang pahintulot dahil lang napagalaman na sila ay may kapansanan sa pagiisip. Dapat ding makamit ng isang tao ang pamantayan sa pag-assess at paggamot sa ilalim ng Batas. Ang mga fact sheets 2 at 3 ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa hindi boluntaryong pag-assess at pagpapagamot.

Karagdagang Impormasyon

Mental Health Act Liaison Officer
Mental Health Branch
Queensland Health
GPO Box 48
BRISBANE Q 4001

Telepono: 1800 989 451 o 07 3234 0417

Email: mha2000@health.qld.gov.au
Web: www.health.qld.gov.au/mha2000